



King County

## **Pahayag ng Pagkapribado**

---

### **Pasimula**

Ang King County, bilang isang entidad ng gobyerno, ay nagsasagawa ng mga negosyong pampubliko at kanilang mga rekord na may kinalaman sa negosyo ng King County ay pangkalahatang makukuha para marebyu ng publiko. Gayunman, ang King County ay nangangako, sa lawak ng pinapahintulutan ng batas, na protektahan at gawing ligtas ang inyong personal na impormasyon na nilalaman ng mga rekord ng King County. Ang privacy commitment (pangako sa pagiging lihim) na ito ay kailangang balanse sa mga karapatan ng pampublikong access sa ilalim ng Chapter 42.17 RCW (Washington Public Disclosure Act) (Batas ng Washington sa Pampublikong Pagbubunyag) at hindi pabagu-bago sa KCC 2.14.030 at sa anumang iba pang angkop na pederal, estado, at lokal na batas o regulasyon.

Ang Pahayag ng Pagkapribado na ito ay hindi umaaplay sa files ukol sa mga tauhan, mga aplikasyon sa trabaho, mga rekord sa korte, imbestigasyon ng pulis, imbestigasyon ng awtoridad, mga rekord ng assessor, at mga nakarekord na dokumento na minimintina ng Records, Elections, at Licensing Services division.

### **Impormasyon sa Pagkapribado**

Ang King County ay nangongolekta ng personal na impormasyon kapag ito ay may kaugnayan at kinakailangan upang isagawa ang negosyo sa county. Kinukuha lamang namin ang impormasyong ito sa pamamagitan ng mga legal na paraan. Kapag ang King County ay nangongolekta ng personal na impormasyon mula sa inyo:

- Sasabihin namin sa inyo kung bakit namin kinokolekta ang personal na impormasyon na ito.
- Nililimit namin ang dami ng inyong personal na impormasyon na kinokolekta namin na kinakailangan para sa ipinahayag na layunin.
- Gumagawa kami ng mga makatwirang paraan upang gamitin ang inyong personal na impormasyon para sa ipinahayag na layunin.
- Gumagawa kami ng mga paraan upang siguraduhin na ang inyong personal na impormasyon ay wastúng-wastô, kompleto at kasalukuyan.
- Ibinibigay namin ang inyong personal na impormasyon sa mga awtorisadong empleyado lamang ng King County at sa mga pribadong mángongontrata o mga pampublikong organisasyon kung kinakailangan lamang nila malaman.
- Hindi namin ibinebenta o ibinibigay sa iba ang inyong personal na impormasyon nang wala ng inyong pahintulot maliban kung legal na hiniling, kinakailangan upang kumpletohin ang inyong transaksyon sa county, o kapag may tunay na emerhensiya na may banta ng panganib ng malubhang pinsala o kamatayan.

## **King County Privacy Notice**

---

- Pinananatili lamang namin ang personal na impormasyon hangga't kinakailangan upang magsagawa ng pagnenegosyo sa county o sa lawak lamang ng pinapahintulutan ng batas.
- Tinatanggal namin ang personal na impormasyon sa isang ligtas na paraan na umiiwas sa pagbubunyag.
- Gumagawa kami ng mga paraan sa organisasyon, teknolohiya, at pagkilos upang lubos na masigurado ang pagprotekta sa personal na impormasyon.

### **Pagkapribado ng Impormasyon na Ispesipiko para sa Internet**

Sa aming Internet web site, nangongolekta rin kami ng impormasyon na kapwa anonymous at personal.

- Ang anonymous na impormasyon ay hindi maaaring iugnay sa isang ispesipikong tao, tulad ng user hits, mga pagbisita at mga sesyon na sinusundan namin gamit ang Internet Service Provider. Ginagamit namin ang impormasyong ito upang tulungan kaming gumawa ng mas mabuting pangkalahatang karanasan para sa mga tagagamit ng aming web site.
- Ang cookies ay isa pang halimbawa ng anonymous na impormasyon na ginagamit namin. Ang web site cookies ay maliliit na text files na inilalagay ng web server sa computer ng isang tagagamit. Paminsan-minsan ay ginagamit namin ang cookies upang iangkop ang impormasyon sa mga pangangailangan ng ispesipikong browser ng user. Hindi natitiyak ng aming web server ang anumang datos tungkol sa inyo at wala rin itong ginagawa sa cookies na ito.
- Ang personal na impormasyon na kinolekta sa ilang web pages ng King County ay datos na inyong ibinigay sa amin tungkol sa inyong sarili. Ang pagbibigay ng impormasyon sa amin sa aming website ay lubos na boluntaryo. Ang impormasyong ito ay ginagamit upang mapaglingkuran kayo nang mas mainam. Kung sakaling pinili ninyong hindi magbigay ng impormasyon sa Internet sa King County, maaari ninyong ibigay ang impormasyong ito sa amin sa ibang paraan, tulad ng pagbisita sa tanggapan ng county sa mga karaniwang oras ng pagnenegosyo o kaya, para sa ilang mga serbisyo ng county, pagsasaayos ng inyong mga pangangailangan sa pamamagitan ng koreo o telepono.
- Kapag ang King County ay nangongolekta ng personal na impormasyon mula sa mga bata gamit ang Internet, tumutupad ito sa Federal Children's Online Privacy Protection Act <http://www.ftc.gov/ogc/coppa1.htm>.

Ang web site ng King County ay may mga link sa iba pang mga web site, kabilang ang iba pang mga ahensiya ng gobyerno, non-profit organizations (mga di-pinagkakakitaang organisasyon) at mga pribadong nagnenegosyo. Kapag nag-link kayo sa isa sa mga external web site na ito, wala na kayo sa web site ng King County at ang pahayag ng pagkapribado na ito ay hindi na umaaplay. Sa halip nito, kayo ay sasailalim sa pahayag ng pagkapribado ng website na iyon.

### **Pagrebyu at Pagwasto ng Inyong Personal na Impormasyon**

## **King County Privacy Notice**

---

Kapag sumulat kayo ng kahilingan sa isang ispesipikong ahensiya ng King County, maaari ninyong rebyuhin ang personal na impormasyon na minimintina ng ahensiya tungkol sa inyo at hilingin ang ahensiyang iyon na iwasto ang mga kamalian.

Kapag sinulatan ang isang ispesipikong ahensiya ng King County, maaari kayong makatanggap ng isang nakasulat na pahayag na pangkalahatang kumikilala sa mga nalalamang sitwasyon kung kailan maaaring ibunyag ang personal na impormasyon sa mga pampublikong rekord ng ahensiya.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-alam sa King County sa email address o telepono na nakalista sa ibaba.

### **Impormasyong Matatawagan at Mga Alternatibong Wika**

Para sa mga katanungan sa pagkapribado o para sa ibang mga wika, mangyaring mag-email sa King County sa [PrivacyContact@METROKC.gov](mailto:PrivacyContact@METROKC.gov) o mag-iwan ng mensahe sa telepono sa 206-205-6899.

(Mga inaalok na wika: Chinese, Russian, Vietnamese, Cambodian, Korean, Laotian at Espanyol)

### **Iba Pang mga Pahayag ng Pagkapribado ng King County**

Ang ilang mga organisasyon sa King County ay may mga Pahayag ng Pagkapribado na mas mahigpit kaysa sa Impormasyon Ukol sa Pagkapribado na ito. Sa ganitong kaso, ang ispesikong Paunawa sa Pagkapribado ng organisasyon ay mas mangunguna kaysa sa Impormasyon ukol sa Pagkapribado na ito. Para sa mga katanungan sa pagkapribado na ispesipiko sa organisasyon ng King County, mangyaring makipag-alam sa organisasyon na iyon mismo.

May mga Ibang Format na Makukuha

206-205-6899 TTY Relay: 711